# Paghahanda sa ShakeOut

**Gamitin ang bilang sa ibaba para tiyakin na ang lahat ng tao sa inyong organisasyon ay may oportunidad na lumahok sa inyong pagsasanay sa ShakeOut.**

**6** **I-rehistro ang inyong organisasyon** para lumahok sa **ShakeOut.org/register**

- Ilagay ang bilang ng mga taong lumahok mula sa buong organisasyon.
- Hikayatin ang mga empleyado na magsanay din sa kaligtasan sa lindol sa kanilang tahanan.

**5** **Magkipagpulong sa mga pinuno ng kagawaran** upang suriin ang mga plano, pagpasyahan ang antas ng pagsasanay na isasagawa ng inyong organisasyon, at kung sino ang lalahok. Ang mga polyeto sa pagsasanay ay makukuha sa **ShakeOut.org** website sa seksyon ng resources na may mga tagubilin sa mga itinuturing na antas:

- Antas 1 – Simple: Bumaba (o Ikandado), Magkubli at Humawak
- Antas 2 – Pangunahin: Pagsasanay sa Kaligtasan sa Buhay
- Antas 3 – Intermediya: Talakayan sa Pagpapasya at Pagsasanay
- Antas 4 – Masulong: Talakayan sa Pagpapatakbo ng Negosyo at Pagsasanay



**4** **Lumikha ng isang plano sa ehersisyo** na naglalarawan ng layunin ng inyong pagsasanay, ang nakatakdang panahon kung ano ang mangyayari (kahit na ito lamang ay Bumaba/Ikandado, Magkubli, at Humawak), at isang sesyon sa pagkuha ng feedback pagkatapos ng pagsasanay para matukoy kung ano ang naging maayos at kung ano ang dapat pang pabutihin. Ibahagi ang plano sa inyong mga kalahok.

**3** **Hikayatin ang mga supplier, kontratista, mga organisasyong kaanib, at mga iba pa** sa inyong network na lumahok –upang mapabuti ang katatagan sa lindol – at ibahagi sa kanila ang mga ShakeOut resources. Isaalang-alang ang iba pang mga hakbang sa paghahanda ng inyong organisasyon, tulad ng pagkakaroon ng mga kasunduan upang matiyak na ang mga serbisyo o produkto na inaasahan ninyo ay makukuha pa pagkalipas ng sakuna.

**2** **Lumikha ng kampanya sa kamalayan ng empleyado:**

- Mag-paskil ng mga bandila at karatula ng ShakeOut sa buong organisasyon upang hikayatin at paalalahanan ang mga empleyado, mga vendor, at mga kostumer na lumahok.
- Mag-email sa mga empleyado ng impormasyon at mga patnubay sa paghahanda sa kaligtasan mula sa kanilang tahanan at trabaho.
- Hikayatin ang mga empleyado na ibahagi ang mga mensahe ukol sa ShakeOut sa pamamagitan ng email at social media.

**1** **Pag-aralan at gamitin ang iba pang mga resources ng ShakeOut habang nagsasanay, tulad ng:**

- Magsanay ng mga broadcast audio at video recording
- Mga Makukuhang Patnubay sa Kaligtasan sa Lindol (**EarthquakeCountry.org/accessibility**)
- Espisipikong patnubay para sa mga taong nasa loob ng tindahan o iba pang situwasyon

**0** **Ganapin ang inyong pagsasanay sa araw ng ShakeOut (o sa isang alternatibong petsa, kung kinakailangan).**

- Magsagawa ng mga talakayan pagkatapos ng pagsasanay upang dinggin ang mga natutuhan at mag-plano ng mga susunod na hakbang upang tuluyang dagdagan ang paghahanda sa kaligtasan sa lindol.

Earthquake Country Alliance · Cal OES Governor's Office of Emergency Services · FEMA · nehrp

© 2021 Earthquake Country Alliance